TOMO 11 BILANG 5 | ISSN NO. 2599-5405 | MAYO 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

Kwentong Tagumpay



Page 2

BUKAS para sa LAHAT

CARD MBA Panatag Ka. CARD INDOGROSIR

Page 3

FROM THE MARGINS

Dr. Jaime Aristotle B. Alip

CARD MRI Founder and Chairman Emeritus



Page 4

# KAUNLARAN CARAVAN SA BUTUAN CITY, ISINAGAWA NG CARD MRI

ni Harlene Joy Reyes



*Nakatanggap ang kabuoang 365 mga indibidwal ng libreng medical, dental, at optical check-up sa naganap na Kaunlaran Caravan sa Butuan City, Agusan Del Norte.*

Isinagawa ng CARD MRI Rizal Bank ang ikalawang CARD MRI Kaunlaran Caravan ngayong taon upang maghatid ng iba't ibang serbisyo at programang pangkaunlaran sa Butuan City, Agusan del Norte noong Abril 18, 2024.

Ang nasabing programa ay inorganisa ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI. Naghatid ito ng libreng *medical, dental,* at *optical check-up* sa mga kliyente at buong lokal na komunidad nito.

Nag-abot din ang programa sa buong komunidad ng diskwento sa mga *generic* na gamot ng BotiCARD, *pre-registration* sa *mass wedding, livelihood training, financial literacy storytelling* para sa mga bata, *feeding program, wellness massage, haircut, manicure,* at *pedicure*.

"Patuloy na nagsisikap ang CARD MRI na tugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga kliyente at ng komunidad," ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito. "Hindi lamang ito tungkol sa pagtulong; ito ay pagbubukas ng mga oportunidad para sa bawat isa na magkaroon ng pag-asang umunlad at magkaroon ng magandang bukas."


Dagdag pa ni Dequito, "Ang benepisyo at kaligayahang hatid ng mga programa ng CARD MRI sa mga kliyente at komunidad ang patuloy na nagpapalakas sa aming inspirasyon at determinasyon upang pagbutihin pa ang aming mga inisyatibo sa pag-abot sa aming layunin."

May kabuoang 712 mga indibidwal ang nakaranas at nakatanggap ng mga libreng serbisyo ng programa na ginanap sa Capitol Gym, Capitol Drive, Brgy. Emadejas, Butuan City, Agusan del Norte.

Para malaman ang higit pa tungkol sa CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), bisitahin lamang ang kanilang *website* sa https://www.cardmri.com/rbi/.

## KOA-PINYON:

Isa sa mga pinakamahahalagang bagay na ating dapat ingatan ay ang ating katawan, kung kaya't ating bigyan pansin ang ating kalusugan!



## CARD MRI, NAGSAGAWA NG IKALAWANG BLOODLETTING ACTIVITY NGAYONG TAON

ni Harlene Joy Reyes



*Nakibahagi ang mga kawani ng CARD MRI, estudyante ng CMDI, at ilang mga residente sa isinagawang bloodletting activity ng CARD MRI sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Brgy. Tranca, Bay, Laguna.*

Muling nagsagawa ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng isang *bloodletting activity* na ginanap sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong Abril 5, 2024.

Sa pangunguna ng Microfinance and Health Protection (MaHP) Program unit, kasama ang CMDI, CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), at Red Cross San Pablo Chapter, matagumpay na inilunsad ang inisyatibong ito ng CARD MRI. Layunin nitong P2

KWENTONG TAGUMPAY

## DETERMINASYON SA KABILA NG MGA HADLANG

ni Mary Rose Javier



*Dahil sa pagmamahal at hilig ni Sonia Torino sa negosyo, naging determinado at matatag siya sa pagharap sa mga hamon ng buhay.*

"Sa mundo ng negosyo, ang tagumpay ay hindi laging tiyak; maaaring magkaroon ng kabiguan, ngunit ang mahalaga ay ang iyong patuloy na pagbangon at determinasyon sa anomang hamon," ani Agnes Mercado, P2

## CARD MRI, NAGSAGAWA NG ... P1

maging bahagi sa pagpapalaganap ng kalusugan sa komunidad at pagpapakita ng pagsuporta sa mga nangangailangan ng dugo.

"Sa bawat hakbang ng CARD MRI, layunin nito ang pag-angat ng komunidad mula sa kahirapan at kalusugan upang matulungan ang bawat isa na makamit ang kinabukasang puno ng pag-asa," ani MaHP Deputy Director Dr. Roderick Belen na ang ganitong programa ay patunay ng pagkakaisa at pagmamalasakit upang makamit ang ating layunin.

Ang nasabing aktibidad ay nakalikom ng 35 mga bag ng dugo mula sa *blood donors*, kabilang ang mga kawani ng CARD MRI, mga estudyante mula sa CMDI, at ilang mga residente ng Brgy. Tranca, Bay, Laguna.

Ito ang ikalawang *bloodletting activity* na isinagawa ng CARD MRI ngayong taon at asahan ang mga susunod pa sa mga susunod na buwan.

# KWENTONG TAGUMPAY

## DETERMINASYON SA KABILA NG MGA ... P1

ni Mary Rose Javier



*Mula sa maliit na negosyo, nakapagtatag si Agnes Mercado ng tatlong matatagumpay na negosyo gaya ng sari-sari store, negosyo sa niyog, at panaderya dahil sa kanyang determinasyon at suporta mula sa kanyang asawa at CARD Bank.*

isang negosyante mula sa Bagacay, Buenavista, Marinduque.

Bilang isang kliyente ng CARD Bank, isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI, sinimulan ni Agnes ang pagpapatakbo ng isang sari-sari *store*. Ayon sa kanya, malaking tulong ang institusyon sa pagsisimula ng kanyang negosyo.

Dahil sa *loan* mula sa CARD Bank at sa pagbenta ng isang baka, nakabili si Agnes ng ilang mga produkto para sa kanyang tindahan. Ito ay kanyang inilagay sa maliit na kubo na kanila ring tahanan.

Sa kabila ng maliit na pwesto, naging maayos ang kita ng kanyang tindahan hanggang sa makaipon siya nang sapat na pera upang magdagdag ng isa pang pangkabuhayan. Dahil nagtrabaho ang kanyang asawa sa pabrika ng kopra, nagpasya silang mamuhunan sa pagbili at pagbebenta ng kopra at uling. Agad namang bumili ang mag-asawa ng 10 sako ng mga bao ng niyog at ginawa itong uling na kanilang ibinenta sa kanilang komunidad.

Gaya ng ibang nagsisimulang negosyo, humarap rin sila sa maraming pagsubok gaya ng kakulangan sa suplay ng niyog. "Hindi talaga kami kumita nang maayos sa simula dahil madalas kaming magkulang sa niyog," ani Agnes. "Dahil baguhan din kami sa industriya, nahirapan kaming makahanap ng mapagkakatiwalaang suplayer kaya't humina ang aming benta sa niyog at sa langis nito.

Bukod pa rito, sa panahon ng pandemya at pagbabago ng panahon, naapektuhan ang buong operasyon ng kanilang negosyo kasabay ng pagbaba ng bilang ng mga mamimili na bumibisita sa kanilang tindahan. Dahil dito, P3

## BAGONG GUSALI NG CARD MRI, SINIMULAN NA NG CMPMI

ni Mary Rose Javier




*Ang nasa larawan (mula kaliwa patungong kanan) ay sina Engr. Ariel Mendoza, Architect Mark Guevara, CMPMI President Maida Decano, and Property and Facilities Manager Henry Aurin para sa isang groundbreaking ceremony ng itatayong gusali ng CARD MRI. Ito ay isang tagumpay na nagbubukas ng maraming oportunidad para sa CARD MRI upang paigtingin ang misyon nito sa pagpapalawak ng kaunlaran ng mga komunidad sa bansa.*

Nagsagawa ang CARD MRI Property Management, Inc. (CMPMI), ang *property development arm* ng CARD MRI, ng isang *groundbreaking ceremony* sa pagtatayo ng gusali ng CARD MRI sa City Subdivision, San Pablo City, Laguna noong Abril 3, 2024.

"Ang *groundbreaking ceremony* na ito ay isang pagdiriwang hindi lamang para sa CMPMI kundi pati na rin sa buong CARD MRI," ani CMPMI President Maida Decano. "Ito'y nagpapakita ng patuloy na pag-unlad at ng magandang oportunidad para sa mga taong ating pagsisilbihan habang tinutupad ang ating mga layunin bilang isang institusyon na tumutulong sa komunidad." Dumalo sa pagdiriwang sina CARD, Inc. (A Microfinance NGO) Executive Director Vicente Briones Jr.; CARD MRI Information Technology, Inc. (CMIT) President and CEO Edgar Cauyan; Support Services Senior Director Ma. Sharon Roxas; at iba pang mga kawani ng CARD MRI. Inaasahang matatapos ang bagong gusali ngayong Agosto.

Itinatag noong Nobyembre 10, 2016, ang CMPMI ay nabuo para makatulong sa pag-unlad ng bansa sa pamamagitan ng *property investments* at pagbuo ng malaking proyektong pangkaunlaran.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CMPMI, bisitahin lamang ang kanilang *website* sa https://www.cardmri.com/property/.

## PANAGHIUSA: CARD MRI EXPOSURE TOUR PROGRAM, ISINAGAWA SA BUTUAN CITY

ni Harlene Joy Reyes



*Nasa larawan ang walong media practitioners kasama ang mga opisyal mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), ilang mga units sa ilalim ng CARD MRI, at ASA Philippines Foundation, Inc. (A Microfinance NGO).*

Muling isinagawa ang ikalawang Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program sa Butuan City, Agusan del Norte noong Abril 16-18, 2024.

Ang nasabing programa ay naglalayong maghatid ng mas malalim na kaalaman at karanasan sa *media practitioners* tungkol sa layunin at mga programa ng *microfinance institutions* sa paglaban ng kahirapan sa bansa.

Binigyang diin naman ni CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila ang mahalagang papel sa pagsugpo ng kahirapan ng *microfinance institutions* at *media practitioners*. "Ang *community development programs* at pagbabahagi ng mga positibong impormasyon at kwento ay hindi lamang nagbibigay-inspirasyon sa marami, kundi ito rin ay isang gabay tungo sa pag-unlad."

Samantala, binisita ng *media practitioners* ang mga tanggapan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), CARD, Inc. (A Microfinance NGO), at ASA Philippines Foundation, Inc. (A Microfinance NGO), kung saan natutuhan nila ang kanilang operasyon, at nakapanayam ang ilan sa mga kliyenteng tinutulungan ng mga ito.

"Hindi madali ang tungkulin ng *microfinance institutions*, pero sa bawat taong ating natutulungan, patuloy na lumalakas ang ating determinasyon na makamit ang ating mga layunin," ani Manila.

Nagkaroon din ng pagkakataon ang *media practitioners* na maglibot sa ilang kilalang destinasyon sa Butuan City gaya ng Butuan National Museum at Balangay Shrine Museum. Nakaranas din sila ng paggawa ng chicharon at tableya, kung saan mga kliyente ng CARD RBI ang nagturo sa paggawa.

Isa rin sa mga mahahalagang bahagi ng programa ang pagbisita sa Kaunlaran Caravan, isang inisyatibo ng CARD MRI na nagbibigay akses sa mga serbisyo at programang pangkaunlaran para sa komunidad.

Dagdag pa ni Manila, "Ang CARD MRI ay hindi lamang nag-iisa sa paglaban sa kahirapan. Kasama ng mga institusyon sa ilalim nito, mga kasamahan sa industriya, at ang *media practitioners* ay nagtutulungan upang makamit ang ating iisang layunin na maiangat ang buhay ng bawat Pilipino."

Ang susunod na Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program ay magaganap sa Tacloban City ngayong Hunyo 2024.

# BUKAS para sa LAHAT

## BAGONG SANGAY NG CARD MBA, BINUKSAN SA SOUTH COTABATO




Binuksan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang ika-92 na *Provincial Office* nito upang maghatid ng abot-kayang seguro sa mga miyembro nito sa South Cotabato noong Abril 3, 2024.

Ang CARD MBA ay bahagi ng CARD MRI na naglalayong mag-abot ng *microinsurance products* sa mga miyembro at kanilang pamilya upang mapabuti ang kalidad ng kanilang pamumuhay. Noong Pebrero 2024, mayroong kabuuang 24,224,157 nakasegurong mga indibidwal sa CARD MBA.

Matatagpuan ang bagong opisina nito sa Purok Katipunan, Brgy. Gen. P. Santos, Koronadal City, South Cotabato at maglilingkod sa 60,040 mga miyembro mula sa CARD SME Bank, Inc. at CARD, Inc. (A Microfinance NGO).

## BOTICARD, INILUNSAD ANG BAGONG SANGAY NITO SA LEMERY, BATANGAS



Upang maghatid ng mga produkto at serbisyong pangkalusugan, inilunsad ng BotiCARD ang bago nitong sangay sa Lemery, Batangas noong Abril 18, 2024.

Sa pagbubukas nito, nagkaroon ng *28%* diskwento sa mga piling bitamina at gamot, libreng *medical consultation, dental extraction,* at libreng *blood pressure monitoring* para sa lahat. Patuloy ang BotiCARD sa pagpapalawak ng kanilang serbisyo para sa abot-kaya at dekalidad na gamot at proteksyon sa kalusugan ng mga kliyente ng CARD MRI, kanilang pamilya, at komunidad.

Ang bago nitong sangay ay matatagpuan sa P. De Joya St., Corner Sangalang, Brgy. Maguihan, Lemery, Batangas.

## CARD INDOGROSIR STORE, NAGBUKAS NG IKA-12 NA SANGAY SA STA. CRUZ, LAGUNA



Muling nagbukas ang CARD Indogrosir Store ng bagong sangay upang maghatid ng mabilis, kalidad, tapat, at murang mga produkto para sa mga sari-sari *store owners*, noong Marso 24, 2024.

Ang CARD Indogrosir ay mula sa pagtutulungan ng CARD MRI at ng Salim Group, na naglalayong tulungan ang sari-sari *store owners* na makipagsabayan sa kompetisyon sa industriya sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng akses sa mura at dekalidad na mga produkto.

Matatagpuan ang bagong sangay nito sa Brgy. Poblacion 5, Sta. Cruz, Laguna. Abangan pa ang mga susunod na pagbubukas ng CARD Indogrosir Store sa iba't ibang panig ng bansa.

# ANNIVERSERBISYO

YUGTO NG PAG-UNLAD AT PAG-ASA

### CARD Employees Multi-Purpose Cooperative

Ipinagdiwang ng CARD Employees Multi-Purpose Cooperative (CARD EMPC) ang ika-20 taong pagbibigay ng mga eksklusibong programa at serbisyo sa mga kawani ng CARD MRI noong Mayo 11, 2024.

Ang CARD EMPC ay isang kooperatiba na naglalayong magbigay ng *credit access, health care benefits,* at *dividend* sa mga kawani ng CARD MRI, na naglilingkod sa kanilang mga miyembro at pamilya upang mapabuti ang antas ng kanilang pamumuhay. Sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga kawani, mas pinalalakas natin sila sa pagtugon sa misyon ng CARD MRI na labanan ang kahirapan sa bansa.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa CARD EMPC, bisitahin lamang ang kanilang *website* sa https://www.cardmri.com/empc/.

BotiCARD Pharmacy
Mabisang Gamot, Abot-Kaya, Kalusugan ang Una!

### BotiCARD

Ang BotiCARD ay nagdiwang ng ika-13 anibersaryo sa pagbibigay ng dekalidad at abot-kayang mga produkto at serbisyong pangkalusugan para sa komunidad noong Mayo 20, 2024.

Bilang isang parmasiya ng CARD MRI, layunin ng BotiCARD na makapaghatid ng ligtas at epektibong mga produkto at serbisyong pangkalusugan sa mas malawak na komunidad sa buong bansa.

Para malaman ang higit pa tungkol sa BotiCARD, bisitahin lamang ang kanilang *Facebook page* sa @boticardOfficial at sa kanilang *website* sa https://www.cardmri.com/boticard/.

## DETERMINASYON SA KABILA NG MGA ... P2

napilitan si Agnes na gamitin ang kanyang ipon sa CARD Bank para matugunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Matatag at puno ng pag-asang hinarap ni Agnes ang mga pagsubok. Dahil dito, muli silang nakabangon at ipinagpatuloy ang kanilang negosyo sa tulong ng kanyang asawa at suporta ng CARD Bank.

"Kapag hindi ko na alam kung saan kukuha ng puhunan, laging handang tumulong ang CARD Bank para sa aming pinansyal na pangangailangan," ani Agnes. Sa paglipas ng panahon, napapagtagumpayan niya ang mga pagsubok ng kanilang negosyo, at unti-unti ay lumago ang kanilang sari-sari *store* at negosyo sa niyog.

Mula sa 10 sako ng bao ng niyog at uling, nakabebenta na sina Agnes ngayon ng 50 hanggang higit pa sa 100 sako sa mga kalapit na bayan. Dahil dito, natugunan niya ang pangangailangan sa edukasyon ng kanyang dalawang anak, naipaayos ang kanilang tahanan, at nakapagpatayo ng sarili nilang panaderya.

"Kahit mahirap at nakapapagod, patuloy akong naniniwala sa aking kakayahan," aniya. Sa kabila ng mga hamon na hinarap ni Agnes, ang positibong pananaw at determinasyon ang naging susi sa pagkakatatag niya sa kanyang tatlong matagumpay na negosyo.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD


Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*



## PAGGAWA NG PEANUT BUTTER, HALINA'T ALAMIN ITO MULA KAY TITA AGNES!

Mula sa pagiging empleyado sa negosyo ng *paper mache* sa Paete, Laguna sa loob ng 10 taon, si Agnes Roxas, isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) ay nagtayo ng sariling sari-sari *store* at nagtinda ng iba't ibang klase ng palaman ng tinapay gaya ng *peanut butter* na kanyang binibili sa palengke. Sa tulong ng kanyang kapatid, pinag-aralan niya ang paggawa ng *peanut butter* hanggang sa makuha niya ang tamang timpla nito. Ito ang naging susi sa tagumpay ng kanyang negosyo.

Mula kay Tita Agnes, narito ang gabay sa paggawa ng *peanut butter*:

**Sangkap at materyales na kailangan:**

1. 1 kilo ng mani na may balat
2. 1 ½ kilo ng mantika
3. ½ kilo ng asukal (segunda)
4. Kawali
5. Sandok
6. Kalan
7. Gilingan
8. *Peanut Jar*

**Proseso na kailangan:**

1. Magpainit ng 1 ½ kilo ng mantika sa kawali at kalan. Intayin itong kumulo.
2. Kapag ito ay kumukulo na, ilagay ang isang kilo ng mani at patuloy itong haluin gamit ang sandok sa loob ng 15 minuto.
3. Siguraduhing maayos ang pagkakahalo ng mani para matiyak na pantay ang pagkakaluto nito.
4. Kapag medyo pula na ang mga mani, patayin ang apoy at hayaan itong lumamig.
5. Kapag ito ay malamig na, maaari nang ihalo ang asukal sa mani.
6. Gilingin ito sa loob ng anim na minuto.
7. Ito ay magiging isa ng *peanut butter*, matapos itong magiling.
8. Maaari na itong ilagay sa *peanut jar*. Ang 1 kilo ng mani ay makabubuo ng tatlong *peanut jar*.

Ihanda mo na ang iyong tinapay at mainit na kape, dahil makagagawa ka na ng masarap at matamis na *peanut butter*! Tara na at simulang gumawa nito kasama si Tita Agnes!

# CROSSWORD PUZZLE


Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 5 at manalo ng **PHP 100.00** load via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc**, kasama ng inyong name, center name, institusyon, at cellphone number.

Ang unang sampung (10) magpapadala nang tamang sagot hanggang **May 30, 2024** ang makatatanggap ng papremyo.

Sali na!




**Pababa:**

1. Isinagawa ng CARD MRI ang Panaghiusa: CARD MRI Exposure Tour Program sa _____ City, Agusan Del Norte noong Abril 16-18, 2024.
2. Isinagawa ng CARD MRI Rizal Bank ang ikalawang CARD MRI ________ ngayong taon upang maghatid ng iba't ibang serbisyo at programang pangkaunlaran sa Butuan City, Agusan del Norte noong Abril 18, 2024.
4. Anong sangay ang nagbukas sa Lemery, Batangas noong Abril 18, 2024, upang maghatid ng mga produkto at serbisyong pangkalusugan?
5. Saan binuksan ng CARD MBA ang ika-92 Provincial Office nito?

**Pahalang:**

3. Muling nagsagawa ang CARD MRI ng isang ________ Activity na ginanap sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI) Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong Abril 5, 2024.
5. Saang lungsod isinagawa ng CMPMI ang groundbreaking ceremony kung saan magbubukas ang bagong gusali ng CARD MRI?
6. Ito ay isang uri ng palaman sa tinapay na pinag-aralang gawin ni Agnes Roxas hanggang sa makuha ang tamang timpla nito.
7. Ito ay isang kooperatiba na naglalayong magbigay ng credit access, health care benefits, at dividend sa mga kawani ng CARD MRI.
8. Mula sa 10 sako ng bao ng niyog at ___, nakabebenta na sina Agnes ngayon ng 50 hanggang higit pa sa isang daang sako sa mga kalapit bayan.